

4-30-2023

## Asinkronong Pambubulabog, Pagbubuo: Rebyu ng Asinkrono: Isang Nobela ni Mesándel Virtusio Arguelles (Asynchronous Disruption, Construction: Review of Asinkrono: Isang Nobela by Mesándel Virtusio Arguelles)

Louise Vincent B. Amante

University of Asia & the Pacific, Philippines, [louisevincent.amante@uap.asia](mailto:louisevincent.amante@uap.asia)

Follow this and additional works at: <https://animorepository.dlsu.edu.ph/akda>

---

### Recommended Citation

Amante, Louise Vincent B. (2023) "Asinkronong Pambubulabog, Pagbubuo: Rebyu ng Asinkrono: Isang Nobela ni Mesándel Virtusio Arguelles (Asynchronous Disruption, Construction: Review of Asinkrono: Isang Nobela by Mesándel Virtusio Arguelles)," *Akda: The Asian Journal of Literature, Culture, Performance*: Vol. 3: No. 1, Article 7.

DOI: <https://doi.org/10.59588/2782-8875.1051>

Available at: <https://animorepository.dlsu.edu.ph/akda/vol3/iss1/7>

This Book Review is brought to you for free and open access by the DLSU Publications at Animo Repository. It has been accepted for inclusion in Akda: The Asian Journal of Literature, Culture, Performance by an authorized editor of Animo Repository.

## REVIEW

# Asinkronong Pambubulabog, Pagbubuo

Rebyu ng *Asinkrono: Isang Nobela* ni Mesándel Virtusio Arguelles (De La Salle University Publishing House, 2021)

***Asynchronous Disruption, Construction: Review of Asinkrono: Isang Nobela by Mesándel Virtusio Arguelles (De La Salle University Publishing House, 2021)***

Louise Vincent B. Amante  
University of Asia & the Pacific, Philippines  
louisevincent.amante@uap.asia

Paniwalaan nating isang nobela ang *Asinkrono* ni Mesandel Virtusio Arguelles. Iyon ang nakalimbag sa pabalat. Ngunit hindi ito nobela sa kombensiyonal nitong pakahulugan. May sampung kabanata ang akda ni Arguelles ngunit may mga nasa anyo ng dula, memoir, screenplay, tulang tuluyan, at story outline. Kung baga, lahat ng alam natin ukol sa sinasabing nobela bilang isang anyong pampanitikan ay binulabog ni Arguelles!

Matagal-tagal na ring binubulabog ni Arguelles ang panitikan. Isa siyang inobatibong makata na may 19 na aklat ng tula at isang omnibus na koleksiyon na *Atra: Mga Tula 1999–2019* na lumabas noong 2020. Ang isa niyang aklat na *Alingaw* ay mula sa pagbubura niya ng mga salita sa kaniyang mga tula sa *Alinsunurang Awit* na parehong inilathala noong 2010. Pagbubura din ang resulta ng kaniyang *Mal* na lumabas noong 2011 mulang mga tula sa *Kung Bakit Kailangan ng Himala* ni Rio Alma na lumabas noong 2007 at *Pesoa* na inilathala noong 2014 mulang mga sanaysay sa *Personal: Mga Sanaysay sa Lupalop ng Gunita* ni Rene O. Villanueva na inilathala noong 1999 (Arguelles,

“Poetika” 12–19). Kaya maituturing ding isa sa mga primera klaseng makata ng siglo 21 si Arguelles.

Ngayon nama’y pinili niyang maging nobelista. Itong *Asinkrono* ang kaniyang unang handog na nobela sa mga mambabasa. Dahil sa mga lockdown o enhanced community quarantines na dulot ng pandemyang COVID-19, naging buzzword sa sektor ng edukasyon ang mga salitang synchronous at asynchronous sessions (“Synchronous vs. asynchronous”). Mulang mga classroom, kinailangang ilipat ang mga sesyon ng klase sa anyong online. Magkikita ang guro at kaniyang klase gamit ang mga platform gaya ng *Zoom* o *Google Meet* kapag sinkronong oras at tatapusin ang mga nakatakdang gawain sa asinkrono o sari-sariling oras (Farmer). Kung baga, nabulabog ang nakamihansan na pagkaklase kaya may kailangang matutuhang bagong paraan para maka-deliver ng lessons ang guro at makapag-submit ng mga assignment ang mga mag-aaral. Dahil din nambubulabog si Arguelles sa nakamihansang anyong nobela, posibleng basahin ang kaniyang *Asinkrono* taliwas sa nakamihansang paraan ng kronolohikong pagbasa ng mga kabanata ng nobela.

Binanggit ni Milan Kundera (165) sa kaniyang *The Book of Laughter and Forgetting*: “This entire book is a novel in the form of variations. The individual parts follow each other like individual stretches of a journey leading toward a theme, a thought, a single situation, the sense of which fades into the distance.” Posibleng isa sa naging impluwensiya ni Arguelles ang nasabing nobela ni Kundera at hinigitan pa ito sa paggamit ng mga anyo ng dula, memoir, screenplay, tulang tuluyan, at story outline upang mabuo ang nobelang Asinkrono.

Sa sampung kabanata ng *Asinkrono* ni Arguelles, may tauhang tagapagsalaysay, Noel, at Alex na mistulang mga sentral na karakter ngunit magkakaibang tauhang tagapagsalaysay, Noel, at Alex ang matutunghayan sa loob ng di-kombensiyonal na mga episodyong banghay. Makikilala ang mga tauhang tagapagsalaysay na isang sawing mangingibig sa “Apokalipsis” (Arguelles, *Asinkrono* 1–14); isang nagmumuni sa kaniyang pangalan at pag-iral sa “May Tumawag sa Pangalan Ko” (15–44); at isang makatang nagbabalik-tanaw sa “Cause Impota” (45–75). Ang magkakaibang Noel naman na isang kubrador “Juetengate: Habol-hininga” (127–164) at isang naghahanap ng pag-ibig sa Japan sa “Some Other Time” (175–271). At ang magkakaibang Alex na isang nakipag-break sa nobyo sa (1–14); isang financier ng jueteng sa Kabanata 7 (127–164); isang Filipinang makakapangasawa ng Hapones sa Kabanata 9 (175–271); at isang Filipina na umuwi sa Pilipinas mula Japan upang hanapin ang pamilya rito ng kaniyang common law partner sa “Cherry Blossoms: Balangkas ng Kuwentong Hindi Nasulat” (273–282).

Sa unang tingin, hindi lang pangalan ang pagkakatulad ng mga Noel, Alex, at tauhang tagapagsalaysay kundi ang mga karanasan nilang isinalaysay ni Arguelles. Sinimulan ang Kabanata 1 bilang “[w]akas ng daigdig o s’werte, alinman daw rito, ayon sa mga naninirahan sa isang barangay sa Mallig, Isabela, ang ibig sabihin ng nakitang ahas na may mga paa sa kanilang lugar, ayon sa isang balita sa Internet na nakita ko sa *Facebook*” (2). Ilang ulit babanggitin ang engkuwentro ng tauhang tagapagsalaysay sa ahas. Babanggitin din sa nasabing kabanata ang paboritong kanta ng tauhang tagapagsalaysay at ni Alex, ang “Lightyears” ng bandang *Eraserheads*. Masasabing nabulabog ang pag-iibigan ng tauhang tagapagsalaysay at ni Alex sa Kabanata 1 dahil sa nang-ahas ang isa sa kanila. Dugtong pa ng tauhang tagapagsalaysay, “Nang gabing yun, naroon kami pareho, halos magkalapit pero

magkalayo. But it doesn’t really matter where you are / However near it seems so far...” (14).

Ahas at *Eraserheads* din ang matutunghayan sa “May Tumawag Sa Pangalan Ko” (15–44). Isang sawá sa silid-aralan ang bumungad sa isang guro nang tawagin niya ang makulit na batang ikinulong niya roon maghapon. Gamit ang linyang “May tumawag sa pangalan ko” mulang kantang “Spoliarium” ng *Eraserheads*, pinaglimian ng tauhang tagapagsalaysay ang kaniyang pangalan na may “pahilis na kudlit sa ibabaw ng titik e” (21) at ang pagpapangalan sa mga bagay-bagay. Pinaglimian din ng tauhang tagapagsalaysay sa “Cause Impota” (45–75) ang mga pangalang Maynila, “Mabait” para sa daga, ang bagyong Yolanda, at iba pang mga pangalan. Payo nga ng tauhang tagapagsalaysay, “simulan mo sa pag-Google sa kanya. Hindi siya umiiral kung wala sa *Google*” (27).

Kung tutuusin, malalagay sa *Google* ang pangalan ng isang tao at kaniyang mga ginawa kung may susulat para sa kaniya. Kapag gin-Google ang salitang “juetengate,” lalabas ang mahigit 1,980 resulta nito kakabit ang pangalan ng dating Pangulo ng Pilipinas na pinatalsik sa puwesto ng pag-aalsang Edsa 2. Itong paghu-jueteng ang trabaho ng tatay ng tauhang tagapagsalaysay na mababasa sa “Juetengate: Barya” (77–96). Nakahihiya mang aminin pero ipinagmamalaki ng tagapagsalaysay ang kaniyang tatay dahil “hindi naman magnanakaw ng pera o ari-arian ng ibang tao” (78) ang trabaho ng huli. Ang masama, anang tagapagsalaysay, ay ang mga “politiko’t matataas na opisyal na nandarambong ng kabang-bayan” (78) na may titulong “kagalang-galang” na ikinakabit sa kanilang mga pangalan. Kaya kung isusulat daw sa isang form, “employee” ang nakasulat sa tabi ng pangalan ng kanyang tatay (79). Mabuti pa nga raw ang isang kaminero o street sweeper na matatawag pang “government employee,” gaya ng binanggit ng mandudulang si Rene O. Villanueva tungkol sa kaniyang ama (78).

Isang blog account ang pagmumulan ng isang kabanata ng *Asinkrono* ni Arguelles, ang “Diyalogo” (97–118). Nagtagpo ang mga tauhang Rene at Reny sa isang silid ng ospital. Doon sinusulat ng naka-admit na manunulat na si Rene, gamit ang laptop, ang kaniyang mga entry sa blog habang nagbabalitaktakan sila ng bisita niyang si Reny tungkol sa panitikan, dula, mimetikong aksiyon ni Aristotle, at malikhaing pagsulat. Ang ilang mga linya ng tauhan ay mulang

blog ng mandudula at kuwentistang pambata na si Rene Villanueva na *Personal*. Sa unang pagtataya, tila isiningit lamang ni Arguelles ang kabanatang ito upang ipakita na makasusulat din siya ng isang dula. Ngunit ang pagsasama nito sa *Asinkrono* ay pagpapatunay lamang na may sinusundang tradisyon ng panitikang Pilipino si Arguelles—na masasabing tinanganan din ni Villanueva: ang pagpaksa sa buhay ng tao sa kaniyang lipunan at vice versa. Maituturing ang nasabing kabanata na isang adaptasyon ng blog ni Villanueva. At mahusay itong isinagawa ni Arguelles dahil nabigyan niya ng bagong buhay ang mga salita ni Villanueva. Sa wika mismo ni Villanueva sa pinakahuli niyang blog entry—na ginamit din ni Arguelles sa kabanatang ito: *Ang tao ay tao. Lahat ng may kaugnayan sa tao, ay may kaugnayan sa akin* (100; Villanueva, “Kasong Trillanes”).

Bukod sa adaptasyong binanggit, dalawang akda ang isinalin ni Arguelles at isinama bilang mga kabanata ng *Asinkrono*. Ang Kabanata 6 ay salin mula kay Samuel Beckett, ang “Nananatiling Napupukaw” (119–125) at ang Kabanata 8 ay mula naman kay Paul Auster, ang “Puting Puwang” (165–174). Tila mga ehersisyo lamang ni Arguelles ang pagsasalin ng nasabing dalawang akda, maaari ding space fillers para makaabot sa sampung kabanata, ngunit masasabing impluwensiyal ang mga ito sa pagbubuo ng kaniyang nobela gaya ng ginawa ni Arguelles sa mga blog entry ni Villanueva. Litaw na litaw ang paggamit ng mga puting espasyo, gaya ng ginawa ni Auster sa kaniyang prosa-tula, pagkatapos ng isa o higit pang mga talata bago ang kasunod na aksiyon ng naratibo o pagmumuni-muni ng tauhang tagapagsalaysay. At ang tauhang tagapagsalaysay na ito, gayundin sina Alex at Noel, ay lumilitaw sa buong nobela bilang ibang mga tauhan na may parehong ngalan. Na nagpapatunay sa tinuran ni Beckett, sa salin ni Arguelles, “[sila] ay [n]awala upang lumitaw mayamaya sa panibagong lugar” (120).

Kung tutuusin, ang salitang nobela ay di lamang tumutukoy sa mahabang salaysayin. Ito rin ay tungkol sa bago o kakaiba na nakapupukaw ng atensiyon. Sa pagtatangkang ito ni Arguelles, binulabog at itinulak pa niya ang naging hangganan ng nobela sa Pilipinas. Nakabuo si Arguelles ng bagong landas na maaari pang lakbayin ng anyong nobela. Pinatunayan ito ng *Asinkrono*. Nang di binibitiwan ang pagpaksa sa buhay ng tao sa kaniyang lipunan at vice versa.

## Mga Sanggunian

- Arguelles, Mesándel Virtusio. *Asinkrono: Isang Nobela*. De La Salle University Publishing House, 2021.
- . “Poetika ng Pagbubura Bilang Pagbubuo.” *Malay* 30, blg. 2, 2018, mp. 1–19, Philippine E-journals. Inakses 29 Agosto 2019.
- Farmer, Heather. “6 Models for Blended Synchronous and Asynchronous Online Course Delivery.” *Educause Review*. Inakses 06 Hunyo 2022.
- Kundera, Milan. *The Book of Laughter and Forgetting*. Penguin Books, 1981.
- “Synchronous vs. asynchronous learning: what’s the difference?” *Easy-LMS*. Inakses 06 Hunyo 2022.
- Villanueva, Rene O. *Personal* <<https://renevillanueva.blogspot.com>>. Inakses 06 Hunyo 2022.
- . “Kasong Trillanes”. *Personal* <<https://renevillanueva.blogspot.com>>. Inakses 06 Hunyo 2022.